


Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 8:
Ramdam Mo Ba?



Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 8: Ramdam Mo Ba?
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maricel D. Cabasaan

Editor: Katya O. Dalaan, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

Tagasuri: Rowena A. Malahay, Alejandro S. Fernandez Jr., Edgardo D. Pamugas III,
Rolibeth M. Labadia, Ana Lorma A. Dahirot

Tagaguhit: Joan S. Mohammad

Tagalapat: Hazel Jane A. Villegas

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Winnie E. Batoon

Mary Jeanne B. Aldeguer

Chona M. Calatrava

Analiza C. Almazan

Teresita E. Helgason

Ma. Cielo D. Estrada

Jesusa P. Ambrona

George N. Wong

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 8:
Ramdam Mo Ba?

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang nilalaman ng modyul na may pamagat na Ramdam Mo Ba?

Subukin mo kung paano ang wastong pagkilala at paggamit ng di-kongkreto at abstrak na pangngalan. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakikilala at nagagamit ang di-kongkreto o abstrak na pangngalan (MT3G-Id-e-2.1.4).



Mga Tala para sa Guro


Sa paggamit ng kagamitang ito, upang ikaw ay maging matagumpay, tandaan mo lamang na laging basahin ang mga panuto sa bawat gawain na makikita sa modyul. Maligayang pag-aaral!



Subukin

Kumuha ng malinis na **bondpaper** at kopyahin ang **graphic organizer** upang ipakita ang mga kilalang tao, lugar, at pagdiriwang sa inyong lugar. Idikit ang larawang inihanda ayon sa tamang bahagi ng katawan.

- A. Sa hugis na tatsulok, idikit ang isang larawan ng sikat na tao sa inyong lugar.
- B. Sa hugis na bilog, idikit ang tatlong larawan ng mga kilalang selebrasyon sa inyong lugar.
- C. Sa hugis na parisukat, idikit ang mga larawan ng mga kilalang lugar sa ating bansa.



Aralin

1

Ramdam Mo Ba?

Natutunan mo na kung ano ang pangngalan. Alam mo na rin na ito ay ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari.

May iba't ibang uri ng pangngalan na dapat mong matutunan. Sa modyul na ito, ano sa palagay mo ang uri ng pangngalan na ating alamin? Handa ka na ba? Tara na!

Subalit, bago tayo dumako sa bagong aralin, balikan muna natin ang natutunan mo sa nakaraang leksiyon.



Balikan

Pakikipagtalakayan sa nakaraang modyul.

Kailan gagamitin ang ekspresyong gusto at umaasa? Isulat ang iyong sagot sa papel o kuwaderno.




Tuklasin


Basahin ang tula at bigyang pansin ang mga salitang may salungguhit.

Ang Brilyante

ni: Maricel D. Cabasaan



Ito ay isang bato, matatag at matibay,
may lakas at tibay na walang kapantay.



Nakabagbigay saya at lungkot,
kapag nasa iyong kamay ikaw ay may takot.

Hindi mo maiintindihan ang iyong mararamdaman,
sa isip mo, ikaw ay magkaroon ng maraming kaibigan.
Maraming sasakyan at makakabili ng mamahaling kagamitan.

Ang bagay na ito ay nagniningning,
Sa puso mo ay kay saya damhin.



Suriin

Paano inilarawan ang brilyante sa tulang binasa?
Pag-aralan ang mga salita sa loob ng kahon at sagutin ang mga sumusunod na mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.


saya

lungkot

takot

1. Ano ang iyong napansin sa mga salitang matatagpuan sa loob ng kahon?
2. Nahahawakan mo ba ito? Nalalasaan? Naaamoy? Nakikita? Naririnig? o Nararamdaman?

3. Ano ang tawag sa mga salitang hindi nahahawakan, nalalasaan, naamoy, nakikita, naririnig, o nararamdaman?
4. Ano naman ang tawag sa mga salitang nahahawakan, nalalasaan, naamoy, nakikita, o nararamdaman?
5. Isulat ang iyong pananaw sa mga salita na iyong nabasa.




Tandaan

Ang **di-kongkreto** o **abstrak na pangngalan** ay tumutukoy sa bagay na nararamdaman lamang at hindi nakikita, naririnig, nahahawakan, nalalasaan, o naaamoy. Katulad halimbawa ng mga salitang may salungguhit mula sa tulang iyong nabasa: saya, lungkot, takot, at iba pa.

Narito ang iba pang halimbawa:

mahal	galit	pag-asa
pasensya	pagkakaisa	pagmamahal



Pagyamanin

- A. Hanapin sa kahon ang angkop na di-kongkretong pangngalan upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

takot	pasensya
paaralan	galit
paniniwala	pagmamahal

1. Sa panahon ngayon, ang mga tao ay nagbabalik loob sa kanilang _____ sa Diyos.
 2. Sa loob ng dalawang buwan, tayo ay isinailalim sa **General Community Quarantine** (GCQ) at limitado ang pagpunta natin sa mga lugar upang makabili ng ating mga pangangailangan dahil sa _____ na mahawa ng **virus**.
 3. Sumunod ang iba na mamalagi sa bahay subalit may matigas ang ulo. Kaya, galit si Pangulong Rodrigo Roa Duterte ngunit nangingibaw pa rin ang _____ niya sa sambayanang Pilipino.
 4. _____ ang kailangan ng mga guro sa pagpapaintindi sa mga magulang tungkol sa tinatawag na **New Normal** na pamamaraan sa pag-aaral ng mga kabataan.
 5. Nangibabaw ang _____ ni Amanda sa kanyang kalaro dahil sinira nito ang pinakamamahal niyang laruan.
- B. Hanapin ang mga di-kongretong pangngalan na makikita sa pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.
1. Labis ang pag-aalala ng mga magulang ni Alfred dahil siya ay naligo sa dagat na nag-iisa.
 2. Ang kalungkutan sa bawat puso ninuman ay makikita sa kanilang mga mata.
 3. Masaya ang lahat kapag matatapos na ang COVID-19 sa buong sanlibutan.
 4. Malaki ang aking paniniwala na ang Diyos lamang ang nakakaalam ng lahat.
 5. Ang kaunlaran ng ating bayan ay nasa kamay ng ating pamahalaan.



Isaisip

Ano ang di-kongkretong pangngalan?

Magbigay ng mga halimbawa:



Isagawa

Sagutin ang mga gawain sa ibaba at isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

- A. Magtala ng tatlong di-kongkretong pangngalan at gamitin ito sa pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

Halimbawa: **pag-aalala**

Oras na ng uwian subalit hindi pa dumarating si ate,
Kaya, nangibabaw ang **pag-aalala** sa mukha ni Nanay.

- B. Ano ang mabuting gawin, bilang mag-aaral upang mas lalong mapalawak ang pag-unawa sa di-kongkretong pangngalan?



Tayahin

Basahing mabuti ang bawat tanong at isulat ang wastong titik ng iyong sagot sa malinis na papel o kuwaderno.

1. Alin sa mga salita sa loob ng kahon ang kabilang sa di-kongkretong pangngalan?

maganda, mapait, pananampalataya, matibay

- a. mapait
 - b. matibay
 - c. maganda
 - d. pananampalataya
2. Ano ang tawag sa tumutukoy ng salitang maaari nating madama?
 - a. pamilang na pangngalan
 - b. kongkretong pangngalan
 - c. di-kongkretong pangngalan
 - d. di-pamilang na pangngalan
 3. Pumupunta tuwing Linggo sa simbahan si Nilda. Matatag ang kanyang _____ sa Poong Maykapal.
 - a. suliranin
 - b. pandama
 - c. simpatiya
 - d. paniniwala
 4. Sinasamba niya ang kanyang kagandahan sa salamin. Alin dito ang di -kongkretong pangngalan?
 - a. babaye
 - b. salamin
 - c. sinasamba
 - d. kagandahan

5. Hindi napigilan ni Ernie ang kaniyang galit nang tinamaan siya ng bola. Alin dito ang di-kongkretong pangngalan?
- galit
 - bola
 - Ernie
 - tinamaan



Karagdagang Gawain

Pag-aralan ang lupon ng kongkretong pangngalan na nasa **word bank** at hanapin ang salitang tumutukoy sa di-kongkreto o abstrak na pangngalan. Gawin ito sa papel o kuwaderno.

pamilihan	silid-dalanginan	pantasya
paaralan	sayaw	gawang-kamay
aklat	kulungan	kamay
Bibliya	tanggapan	daan
bulaklak	tsokolate	pulis

Halimbawa: (pagmamahal – bulaklak, tsokolate)

- pananampalataya - _____
- katarungan - _____
- karunungan - _____
- kalinangan - _____
- kaunlaran - _____



Susi sa Pagwawasto

Karagdagan Gawain				
1.	pananampalataya	-	bibilya	-
2.	katarungan	-	kulungan	-
3.	karunungan	-	paaralan	-
4.	kalinangan	-	tanggapan	-
5.	kaularan	-	pamilihan	-
			silid-dalanginan	-
			pulis	-
			aklat	-
			gawang-kamay	-
			daan	-

Subukin	Ibat ibang sagot ay inasahan	A	1. paniniwala	B	1. pag-aalala	Pagyamanin
	Ibat ibang sagot ay inasahan.		2. takot		2. kalungkutan	
			3. pagmamahal		3. masaya	
			4. Pansensya		4. paniniwala	
			5. galit		5. kaularan	
Isagawa	Ibat ibang sagot ay inasahan	Tayahin	1. d		2. c	
			3. d		3. d	
			4. d		4. d	
			5. a		5. a	

Sanggunian

Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with
Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong,
Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang,
Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace
U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega.
MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3):
Book Media Press, Inc., 2014, 33, 39, 45. *DepEd Complex*,
Meralco Avenue, 1600 Pasig City, Philippines.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph